MGA KARATANG PANTAO AT PAGBUBUNTIS SA ONTARIO

Sa ilalim ng *Human Rights Code ng Ontario*, ilegal na magdiskrimina laban sa isang babae dahilan sa siya ay buntis, kapapanganak lamang, o maaring magbuntis. Ang mga proteksyon ng mga Karapatang pantao ay umaabot sa lugar nang pinagtatrabahuhan, mga serbisyo at mga pasilidad, at pabahay.

SA TRABAHO

Mga Pakikipanayam

Ilegal para sa isang maypatrabaho na magtanong sa iyo ng, "Ikaw ba ay buntis?", "May pamilya ka ba?" o " May plano ka bang magkapamilya?" sa panahon ng pakikipanayam para sa trabaho.

Sa Trabaho

Ilegal na sisantehin ka sa trabaho, pababain ang iyong posisyon o tanggalin ka sa trabaho (kahit na may abiso) ng dahil sa ikaw ay buntis o maaring magbuntis.

May karapatan ka na pakitunguhan nang walang kinikilingan sa trabaho kung ikaw ay buntis o maaring magbuntis. May karapatan kang manatili sa iyong trabaho at hindi matanggihan para sa isang promosyon, pagsasanay, nakahahamong mga proyekto, o makabalik sa trabaho pagkatapos ng pagbubuntis.

Ang iyong mga pangangailangan

Maaring ikaw ay may ispesyal na mga pangangailangan dahil nais mong magbuntis, ay buntis o dahil sa kapapanganak mo lamang. Hinihingi sa mga maypatrabaho na tumulong sa mga babae na may ispesyal na mga pangangailangan dahil sa pagbubuntis. Ito ay tinatawag na "kaluwagan" o "accommodation".

Kailangang palitan ng mga maypatrabaho ang iyong mga katungkulan sa trabaho o baguhin nang kaunti ang mga patakaran para sa kapakanan ng iyong kalusugan. Maaring kasama dito ang isang pagpapalit ng iyong trabaho o iskedyul ng iyong pagrerelyebo,upang mabigyan ka ng mga pahinga sa loob ng araw ng trabaho, at/o araw na walang pasok para sa ispesyal na mga pangangailangang pangkalusugan o iba pang mga pangangailangan. May pahintulot ang iyong maypatrabaho na humingi sa iyo ng ebidensyang magpapatunay na kailangan mo ng mga pagbabagong ito sa iyong mga katungkulan o iskedyul dahil sa mga kadahilanang mga pang-medikal.

Sa ilalim ng *Code*, kailangang magpakita ang maypatrabaho ng "labis-labis na paghihirap" ("undue hardship") kung kanilang ipapahayag na hindi nila kayang makibagay sa iyong pagbubuntis. Ang ibig sabihin nito kailangan nilang patunayan na mayroong mga panganib na pangkaligtasan o pangkalusugan na konektado sa iyong pagbubuntis, o di kaya ay magiging masyadong magastos para sa kanila kung sasalubungin nila ang iyong ispesyal na mga pangangailangan sa pagbubuntis na makakasagabal sa pagpapatakbo ng negosyo.

Ikaw rin ay nasasaklawan sa ilalim ng *Employment Standards Act*, sa ilalim ng Batas ng mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Act). Ang **Bakasyon para sa Pagbubuntis** (**Pregnancy Leave)** ay 17 linggo, na kaagad sinusundan ng 35 linggo ng bakasyon para sa Pagmamagulang (Parental Leave), o, kung ang Bakasyon para sa Pagbubuntis ay hindi kinuha ang karapatan upang kuhanin ang bakasyon para sa Pagmamagulang ay 37 linggo. Hindi maaring sabihin sa iyo ng iyong maypatrabaho kung kalian ka dapat magsimula ng iyong bakasyon para sa pagiging ina (maternity leave). Habang pinahihintulutan ng iyong kalusugan, pinapayagan kang magtrabaho hanggang sa kapanganakan ng iyong sanggol maliban lamang kung hindi kayang pakibagayn ng iyong maypatrabaho ang iyong mga pangangailangan.

Para sa detalyadong impormasyon tungkol sa bakasyon sa pagbubuntis (pregnancy leave) at sa *Employment Standards Act*, maari ka ring makipag-ugnay sa **Sangay ng mga Pamantayan sa Pagtatrabaho** (**Employment Standards Branch**) ng Ministro ng Trabaho o tumawag nang libre sa pamprobinsiyang numero sa 1-800-531-5551. Para sa impormasyon tungkol sa mga benepisyo ng pagiging ina (maternity benefits), makipag-ugnay sa **Human Resources Development Canada** o tumawag sa 1-800-277-9914 para sa serbisyo sa Ingles.

MGA SERBISYO AT MGA PASILIDAD

May karapatan kang gumamit ng mga serbisyo – pati na ng mga restawran, mga tindahan at pampublikong mga lugar na tulad ng mga mall at mga parke – nang walang diskriminasyon. May mga karapatan ka bilang isang nag-aalaga ng batang ina. Halimbawa, may karapatan kang magpasuso ng iyong anak sa isang pampublikong lugar. Walang dapat pumigil sa iyo na mag-alaga ng iyong anak sa isang pampublikong lugar o kaya ay lumipat sa isang lugar na mas “tago”. Ang pagbabawal o paggawang imposible para sa iyo na makapasok na may istroler ay maaring maging isang paglabag sa *Code*.

PABAHAY

May karapatan kang umupa ng isang apartment, o pumirma ng isang paupahan o iba pang kontrata, nang walang diskriminasyon. Ilegal para sa isang tao na tumangging magpaupa ng isang apartment o kuwarto sa iyo dahil sa ikaw ay buntis, nagkaanak, o dahil sa maaring ikaw ay maaring magbuntis. Ang “para sa mga adulto lamang” na mga gusali (na may napakapartikular na mga eksepsyon) ay ilegal. Pagkapanganak ng iyong sanggol, ang mga kasero ay hindi maaring magbanta na ikaw ay paaalisin dahil sa “ingay”. Ang paggawa nito ay maituturing na isang diskriminasyon base sa estado ng pamilya at magiging isang paglabag sa *Code*. Ang ilang mga uri ng ingay ay maaaasahan mula sa mga pamilyang may maliliit na bata, hanggang sa gumagawa ka ng risonableng mga pagsisikap na mabawasan ang epekto nito sa mga kapit-bahay.

PAG_IINGAT NG IYONG MGA KARAPATAN

Kung sa iyong tingin ang iyong mga karapatan ay hindi nasunod, maari kang magharap ng aplikasyon sa Hukuman para sa mga Karapatang Pantao ng Ontario (Human Rights Tribunal of Ontario).

PAGHAHARAP NG APLIKASYON

Ang Hukuman para sa mga Karapatang Pantao ng Ontario ang nakikitungo sa lahat ng mga paghahablang nauukol sa diskriminasyon na iniharap sa *Human Rights Code ng Ontario*. Ang Tribunal ang nagpapasya sa mga aplikasyon sa pamamagitan ng pamamagitan o “adjudication”. Makipag-ugnay sa Tribunal para sa:

- Pormularyo ng Aplikasyon para gumawa ng isang pagpapahayag ng diskriminasyon
- Gabay sa pagkukumpleto ng pormularyo ng Aplikasyon tungkol sa iyong karanasan ukol sa diskriminasyon
- Impormasyon tungkol sa proseso ng pagdudulog ng isang Aplikasyon tungkol sa diskriminatoryong pagtatrato

Human Rights Tribunal of Ontario
655 Bay Street, 14th floor
Toronto, ON M7A 2A3
Local: (416) 326-1312 Libreng Tawag : 1-866-598-0322
TTY (Lokal): (416) 326-2027 TTY (Libreng Tawag): 1-866-607-1240
Fax: (416) 326-2199 Fax (Libreng Tawag): 1-866-355-6099
www.hrto.ca

PAGHINGI NG TULONG

Makipag-ugnay sa Sentrong Panlegal (Legal Centre) kung ikaw ay nakaranas ng diskriminasyon at ikaw ay nagangailangan ng legal na tulong sa paghaharap ng aplikasyon sa Hukuman para sa mga Karapatang Pantao (Human Rights Tribunal0 o ng legal na payo sa paglutas ng isang isyung nauukol sa diskriminasyon sa ilalim ng *Human Rights Code*.

Human Rights Legal Support Centre
400 University Avenue, 7th Floor
Toronto, Ontario M7A 1X8
Tel: (416) 314-6266 Libreng Tawag: 1-866—625-5179
TTY: (416) 314-6651 TTY Libreng Tawag: 1-866 612-8627
www.hrlsc.on.ca

Kung nais mong mag-ayos ng isang harapang pakikipanayam, kailangan mong makipag-ugnay sa pamamagitan ng telepono sa mga numerong nasa itaas. Kung nakatira ka sa labas ng Mas Nakalalaking Lugar ng Toronto (Greater Toronto Area), makipag-ugnay sa amin at ating mapag-uusapan kung paano masasalubong ang iyong mga pangangailangans. Gagawin namin ang lahat ng aming magagawa upang mabigyan ka ng naangkop na na serbisyo sa iyong komunidads. Nakakapagkaloob kami ng serbisyo sa mahigit na 140 mga wika.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

Ang Komisyon para sa mga Karapatang Pantao (Ontario Human Rights Commission) ay may pangkalahatang impormasyon ukol sa *Human Rights Code*. Lalo na, tignan ang mga dokumento tungkol sa Pagbubuntis at Pagpapasuso at Estado ng Pamilya sa kanilang web site sa www.ohrc.on.ca

Ontario Human Rights Commission
180 Dundas Street W., 7th Floor
Toronto, ON M7A 2R9
Lokal: (416) 326-9511
Libreng Tawag (1-800-387-9080
TTY (Lokal): (416) 314-6526
TTY (Libreng Tawag): 1-800-308-5561

Ang dokumentong ito ay binuo ng Sentro ng Pantulong para sa mga Karapatang Pantao (Human Rights Legal Support Centre) na may pakikipagtulungan sa Access Alliance Multicultural Health & Community Services (2009).

Sentro ng Tulong na Legal para
sa mga Karapatang Pantao

Access Alliance
Multicultural Health and Community Services